

Mabuhay! Ito ang Gabay ng mga Imigrante sa Santa Clara County!

Hangad naming matulungan ang lahat na mga imigrante, lalung-lalo na ang mga bagong dating na MATUTUHAN nila ang kanilang KARAPATAN at maunawaan ang kanilang mga RESPONSIBILIDAD. Ang aklat-gabay na ito ay isinulat upang MATULUNGAN ang mga pamilya ng imigrantes upang sila'y MAKINABANG sa mga serbisyo at upang kanilang MAUNAWAAN ang mga institusyon, batas at karapatan.

Ang gabay na ito ay may limang seksyon:

- Kalusugan at Kabutihan
- Suportang Pampamilya
- Karapatan sa Batas
- Karapatan sa Edukasyon
- Trabaho at Karapatan ng Manggagawa

Bawat seksyon ay nahahati sa mga paksa

Halimbawa sa Seksyon ng Kalusugan at Kabutihan naroon ang paksa tungkol sa Kalusugan ng Katawan, Kalusugan ng Pag-iisip at mga Pagkain o Nutrisyon. Sa bawat seksyon ay may mga impormasyon ng mga ahensiya at organizasyon na nagbibigay serbisyo sa mga pangangailangan ng mga imigrante at ng kanilang mga pamilya

Tungkol sa Aklat na ito…

Ang aklat-gabay na ito ay isinulat para sa lahat ng mga imigrante, **kahit anuman ang kanilang estado sa imigrasyon**. Gayunpaman, may mga programa na ang maaring makabenepisyo ay ang mga "Kuwalipikadong imigrantes" lamang. "Kuwalipikadong imigrante" ka kung ikaw ay:

"U.S citizens" – mga mamamayang ipinanganak sa Amerika; o mga anak ng mga mamamayan sa Amerika; o mga naging "naturalized U.S. citizens" o mga anak (na hindi pa lumampas sa 18 anyos ang gulang) ng mga naging "naturalized U.S. citizen"

Permanenteng residente – mga nabigyan ng "immigrant visa" o mga nagtataglay ng "green cards."

"Refugees"– mga mamamayan na habang nasa kani-kanilang bansa ay nabigyan ng pahintulot na pumasok at tumira sa Amerika dahil nanganganib ang kanilang buhay at kaligtasan sa kanilang sariling bansa.

"Asylees "– mga mamamayan na habang nasa Amerika ay nabigyan ng pahintulot (asylum) na manatili dahil nanganganib ang kanilang buhay at kaligtasan sa kanilang sariling bansa.

"Persons granted withholding of deportation or removal "– mga mamamayang nabigyan ng pahintulot na manatili sa Amerika sapagkat nanganganib ang kanilang buhay at kalayaan kung silay' umuwi sa kanilang bansa Sila'y katulad din sa mga asylees, kaya lang ipinagbukod sila.

Cuban/Haitian entrants – mga mamamayang ng Cuba or Haiti na nabigyan pahintulot na pumasok sa Amerika ("paroled") pansamantala o permanente. Sila'y maaring makinabang sa mga benepisyo at asistensya katulad ng mga "refugees."

"Amerasians "– mga mamamayang nabigyan ng "lawful permanent resident status" dahil sa isang kakaibang batas para sa mga Vietnamese na anak ng Amerikano o asawa ng Amerikano. Upang mabigyan ng ganitong estado, kailangan ikaw ay ipinanganak sa Vietnam ng mga taong Enero 1, 1962 hanggang Enero 1,1976 at ikaw ay asawa or anak ng isang Amerikano o American citizen.